# Pagpapalawak sa Pagkuha ng Segurong Pangkalusugan para sa Lahat
## (kasama ang mga imigranteng walang dokumento!)

Simula ngayong Nobyembre, ang lahat nang nakatira sa estado ng Washington ay magkakaroon ng pagkakataon na kumuha ng pangkalusugan at pang-ngipin na Seguro sa pamamagitan ng *Washington Healthplanfinder*, anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Magpalista bago lumipas ang ika-15 ng Disyembre para sa saklaw ng kalusugan na magsisimula sa Enero 1, 2024.

washington healthplanfinder
click. compare. covered.

### PAGIGING KARAPAT-DAPAT, KATAYUAN SA IMIGRASYON, AT KALIGTASAN

**Mga mahahalagang tuntunin**

**Premium:** Bawat miyembro ay magkakaroon ng buwanang bayad na tinatawag na premium. Ang halaga ng iyong premium ay depende sa iyong plano ng segurong pangkalusugan.

**Deductible:** Ang iyong segurong pangkalusugan ay magsisimulang tumuloing sa pagbabayad ng iyong mga bayarin pagkatapos mong "matugunan ang halaga ng iyong deductible". Ang lahat ng mga plano ay magbabayad sa pang-iwas na pangangalaga bago matugunan ang iong deductible. Babayaran ng mga plano ng Cascade Care ang higit pang mga serbisyo bago matugunan ang iyong deductible. Kasama sa mga serbisyong ito ang:

- Pang-iwas na pangangalaga
- Pagbisita sa doktor ng pangunahing pangangalaga upang gamutin ang sakit o pinsala
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga generic na reseta
- Apurahang pangangalaga, kung kinakailangan mo kaagad ng pangangalaga ngunit hindi emerdyensi gaya ng atake sa puso

**Co-pay at Coinsurance:** Ito ang mga gastos na babayaran mo kapag pumunta ka sa doktor. Ang iyong co-pay ay nakapirming halaga ($1-$50). Ang iyong co-insurance ay porsiyento ng halaga ng serbisyo. Ang inong plano ng segurong pangkalusugan ang magbabayad para sa natitirang bahagi ng iyong pagbisita.

**Sino ang karapat-dapat?**

Kung ikaw ay nakatira sa estado ng Washington, maaari kang kumuha ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng *Washington Healthplanfinder*, kahit na ikaw ay imigrante na walang dokumento. Hindi mo kailangang maging mamamayan ng Estados Unidos, o magkaroon ng green card, o iba pang mga papeles na pang-imigrasyon.

**Makaka-epekto ba ang pagkuha ng segurong pangkalusugan sa aking katayuan sa imigrasyon o aplikasyon sa pagkamamamayan?**

Ang pagkuha ng segurong pangkalusugan ay hindi makaka-epekto sa iyong katayuan sa imigrasyon o aplikasyon sa pagkamamamayan, ng iyong pamilya, o sinumang kasama mo.

**Kapag kumuha ba ko ng segurong pangkalusugan ay "babayaran ko"?**

Ang pag-aaplay o pagtanggap ng segurong pangkalusugan, at pagtanggap ng tulong-pinansyal upang mabayaran ang seguro, ay hindi "binabayaran". Ibig sabihin nito na ito'y hindi makakaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon o aplikasyon sa pagkamamamayan, ng iyong pamilya, o sinumang kasama mo.

**Wala akong dokumento. Ligtas ba ang aking impormasyon?**

Mahalaga sa amin ang iyong kaligtasan. **Ang iyong impormasyon ay hindi gagamitin sa pagpapatupad ng imigrasyon.**

Ang mga batas ng Pederal at estado ay nagbibigay-proteksyon sa pagkapribado ng mga taong nag-a-aplay para sa segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng *Washington Healthplanfinder*. Ang impormasyon tungkol sa katayuan sa imigrasyon ay gagamitin lamang upang matukoy kung karapat-dapat sa saklaw ng kalusugan at hindi para sa pagpapatupad ng imigrasyon.

# Mga Madalas Itanong

## PAGPAPATALA

### Ano ang "pagpapatala"?

Ikaw ay magpapatala sa segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng pagpili ng planong pangkalusugan sa *Washington Healthplanfinder*, at bayaran ang iyong planong pangkalusugan.

### Kailan ako makakapagpatala? Ano ang "open enrollment"?

Kahit sino ay maaaring magpatala para sa segurong pangkalusugan sa *Washington Healthplanfinder* sa pagitan ng Nobyembre 1 at Enero 15. Ang panahong ito ay tinatawag na open enrollment. Ang open enrollment ay taun-taon.

### Paano kung makaligtaan ko ang open enrollment? Ano ang "special enrollment"?

Ang iba ay maaaring magpatala sa ibang pagkakataon. Ang tawag dito ay special enrollment. Kung nagkaroon ka ng pagbabago sa buhay (nawalan ng trabaho, katayuan sa pag-aasawa, nanganak, atbp) o may mababang kita, maaari kang magpatala sa pagkatapos ng open enrollment.

### Ano ang kailangan ko sa pagpapatala?

Hihilingin sa iyo ng *Washington Healthplanfinder* ang impormasyon tungkol sa iyo at sa iyong pamilya upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat.

### Gaano ito katagal?

Maaaring tumagal ng humigit-kumulang 1 oras ang aplikasyon.

### Saan ako makakahanap ng tulong sa pagpapatala? Mayroon bang tulong sa ibang mga wika?

Ang lahat ng tulong sa pagpapatala ay libre*. Narito ang tatlong paraan upang makakuha ng tulong:

**Tumawag sa**

1-855-923-4633
TTY/TDD: 1-855-627-9604

*May tulong na makukuha sa mahigit na 200 na mga wika.*

**Makipag-ugnayan**

Humanap ng tumutulong o broker sa pangangalaga sa kalusugan o mapagkakatiwalaang tauhan sa inyong komunidad.

**Bisitahin ang**

www.wahealthplanfinder.org

*I-scan ang QR code*

**Upang makita ang mga mapagpipiliang plano sa inyong lugar Bisitahin ang wahealthplanfinder.org** at gamitin ang tool na "Mag-browse at Paghambingin ang mga plano".

*Kung hindi mo alam kung ang isang tao ay sertipikadong tumulong sa iyo, o humihingi sila ng bayad para sa kanilang serbisyo, tumawag sa *Washington Healthplanfinder* Sentro ng Suporta para sa Kostumer sa **1-855-WAFINDER.**



# Mga Madalas Itanong

## HALAGA NG SEGURONG PANGKALUSUGAN

### Magkano ang halaha ng segurong pangkalusugan?

Ang halaga ng pagbili ng segurong pangkalusugan ay depende sa mga bagay tulad ng kita, laki ng pamilya, at kung saan kayo nakatira.

Mag-browse at paghambingin ang mga plano sa wahealthplanfinder.org o makipag-ugnayan sa isang mapagkakatiwalaang tauhan sa inyong komunidad upang malaman kung magkano ang inong babayaran sa plano.

### Ano ang ibig-sabihin ng mga salitang ito: premium, deductible, co-insurance, at copay?

**Premium:** Bawat miyembro ay Magbabayad ng buwanan na tinatawag na premium. Ang halaga ng iyong premium ay depende sa plano ng iyong segurong pangkalusugan.

**Deductible:** Ang iyong segurong pangkalusugan ay magsisimulang tumulong sa pagbayad ng iyong mga bayarin pagkatapos mong "matugunan ang halaga ng deductible". Ang lahat ng mga plano ay nagbabayad ng ilang bagay, tulad ng pagsusuri sa kalusugan, bago matugunan ang deductible.

**Co-pay at Coinsurance:** Ito ang mga gastos na babayaran mo kapag pumunta ka sa doktor. Ang inong co-pay ay nakapirming halaga ($1-$50). Ang iyong co-insurance ay porsiyento ng halaga ng serbisyo. Ang iyong plano ng segurong pangkalusugan ang magbabayad sa natitirang bahagi ng iyong pagbisita.

### Ano ang gastos na "out-of-pocket"?

Ang out-of-pocket na gastos (deductibles, copays at co-insurance) ay ang halaga na kailangan mong bayaran kapag pumunta ka sa doktor.

## PAGPILI NG PLANO

### Ano ang mga pagpipilian sa plano ng segurong pangkalusugan?

Mayroong tatlong antas ng mga plano ng segurong pangkalusugan na pagpipilian sa pamamagitan ng *Washington Healthplanfinder:* Bronze, Silver, at Gold. Ang halaga na binabayaran ng iyong kompanya ng segurong pangkalusugan ay depende sa antas na iyong pipiliin. Karaniwan, ang Bronze plan ay magbabayad ng 60%, ang Silver plan ay magbabayad ng 70%, at ang Gold plan ay magbabayad ng humigit-kumulang 80% ng iyong bayaring-medikal.

**Bronze:** Ang mga planong ito ay mas mura bawat buwan ngunit mas mababa ang babayaranghalaga kapag kailangan mo ng pangangalaga.

**Silver:** Sinasaklaw ng mga planong ito ang higit pa sa iyong mga gastos kapag kailangan mo ng pangangalaga ngunit maaaring mas mahal. Kung ikaw ay kwalipikado sa Cascade Care Savings ang mga plano ito ay mas mura kaysa sa Bronze plan.

**Gold:** Higit na malaki ang babayaran tuwing buwan sa mga planong ito ngunit mas malaki ang babayaran sa gastusin kapag kinakailangan mo ng pangangalaga. Kungkwalipikado ka sa Cascade Care Savings at nangangailangan ng maraming pangangalaga sa kalusugan ang mga planong ito ay mas nababagay.

### Makakakuha ba ako ng mas mabubuting doktor kung pipiliin ko ang Silver o Gold plan?

Hindi. Ang kalidad ng pangangalaga ay parehas sa lahat ng mga plano.

**Hanapin ang logo ng Cascade Care.** Mas mura ang mga high-value plan na ito at maaari kang makatipid mula sa estado upang mapababa ang iyong buwanang gastos (premium).

washington healthplanfinder
click. compare. covered.